# Hormone Therapy para sa Kanser

*Hormone Therapy for Cancer – Tagalog*

Ang hormones ay mga protinang nilikha ng katawan na tumutulong sa pagkontrol ng ilang paraan ng pagkilos ng mga selula. Ang hormone therapy ay gumagamit ng hormones o mga gamot na kagaya ng hormones upang gamutin ang mga kanser at iba pang mga kondisyon.

## Paano gumagana ang hormone therapy?

Ang ilang kanser ay nakadepende sa mga hormone para lumaki. Ginagamit ang hormone therapy upang harangin o baguhin ang hormones upang makatulong sa pagpapabagal o pagpigil na lumaki ng mga uri ng kanser na ito. Ang hormone therapy ay maaaring natatanging paggamot na kailangan ng isang tao, o maaaring ibigay kasama ang iba pang mga paggamot gaya ng chemo o radiation therapy.

## Paano ito ibinibigay?

Pinakamadalas, ang hormone therapy ay ipinaiinom bilang tableta, capsule, o likido. Sa ibang pagkakataon, ito ay ibinibigay bilang iniksyon o bakuna. Ang ilang uri ng operasyon ay nakakaapekto sa antas ng hormone at maaari ring tawaging hormone therapy.

## Gaano katagal ang paggamot?

Ito ay depende sa uri ng kanser na ginagamot, uri ng gamot na ibinibigay, at iba pang mga problema sa kalusugan na maaaring mayroon ang isang tao. Ang hormone therapy ay maaaring ibigay ng ilang linggo, buwan, o taon.

## Mga side effect

Hindi lahat ng makakakuha ng hormone therapy ay magdudulot ng mga side effect. Ang mga side effect ng hormone therapy ay nakadepende sa kung anong paggamot ang ginamit at maaaring kabilangan ng:

- Hot flashes
- Pamamawis sa gabi
- Pagod
- Mga problema sa buto
- Mas kaunting interes sa pakikipagtalik
- Nabawasang kakayahang makipagtalik

## Mga itatanong

Narito ang ilang bagay na maaari mong itanong sa iyong health care team:

- Anong hormone therapy ang makukuha ko?
- Gaano kadalas kong makukuha ang paggamot?
- Gaano katagal ito ang aking paggamot?
- Babayaran ba ng insurance ang aking paggamot? Magkano ang kakailanganin kong bayaran?
- Anu-anong mga side effect ang maaari kong maranasan?
- Kailan ko dapat tawagan ang doktor o nurse?
- Mayroon bang mga espesyal na bagay na kailangan kong gawin upang maprotektahan ko ang aking sarili at ang iba habang nagpapagamot?

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org/hormonetherapy.** Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.



TAGALOG
©2021, American Cancer Society, Inc.
No. 080808

BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity